| CITY OF TURLOCK INC. 1908 | FINANCE OFFICE<br>156 S. BROADWAY, SUITE 114<br>TURLOCK, CA 95380-5454<br>209-668-5570 | POLISIYA #: 97-01 |
|---|---|---|
| | | MSI #: |
| | KODIGO NG SANGGUNIAN: | ORIHINAL NA PETSA:<br>10/27/97 |
| PAKSA:<br>POLISIYA PARA SA HINDI PAGTIGIL NG SERBISYO DAHIL SA MGA MEDIKAL NA DAHILAN | | PETSA NG REBISYON:<br>09/23/19 |

Polisiya ng Lungsod ng Turlock na hindi itigil ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad kung makatanggap ng nakasulat na sertipikasyon ng lisensyadong doktor o surgeon na nagsasabing ang pagtigil ng serbisyo ay magbabanta sa buhay ng kostumer. Dagdag pa rito, dapat na walang kakayahang magbayad ang kostumer para sa serbisyo sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad at papayag na pumasok sa kasunduan sa amortisasyon ng pagbabayad, nang hindi bababa sa labindalawang (12) buwan ngunit maaaring pahabain nang hanggang dalawampu't apat (24) na buwan sa ilalim ng pagpapasya ng Direktor. Sisingil ng kabayaran sa kasunduan sa pagbabayad na $20.

Dapat maihain ang nakasulat na sertipikasyon ng isang lisensyadong doktor o surgeon sa Tanggapan ng Pananalapi (Finance Office) ng Lungsod ng Turlock bago ang pagtigil ng serbisyo at dapat i-update **bawat taon**.

MANGYARING TANDAAN: ANG KABAYARAN SA KASUNDUAN SA PAGBABAYAD AY NAPAPAILALIM SA PAGBABAGO NG RESOLUSYON AT ANG KABAYARANG NAKASAAD SA RESOLUSYON ANG MANGINGIBABAW.